

**K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM
BAITANG 5**

PAMANTAYAN SA PAGKATUTO: Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pagkakabuo ng kapuluan ng Pilipinas at mga sinaunang lipunan hanggang sa mga malalaking pagbabagong pang-ekonomiya at ang implikasyon nito sa lipunan sa simula ng ika-labing siyam na siglo, gamit ang batayang konsepto katulad ng kahalagahang pangkasaysayan (historical significance), pagpapatuloy at pagbabago, ugnayang sanhi at epekto tungo sa paglinang ng isang batang mamamayang mapanuri, mapagmuni, responsable, produktibo, makalikasan, makatao at makabansa at may pagpapahalaga sa mga usapin sa lipunan sa nakaraan at kasalukuyan tungo sa pagpanday ng maunlad na kinabukasan para sa bansa.

NILALAMAN (Content)	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)	PAMANTAYAN SA PAGGANAP (Performance Standard)	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO (Learning Competencies)	CODE	LEARNING MATERIALS
UNANG MARKAHAN - Ang Pinagmulan ng Lahing Pilipino					
<p>A. Ang Kinalalagyan ng Aking Bansa</p> <p>Batayang heograpiya</p> <p>1. Absolute na lokasyon gamit ang mapa</p> <p>1.1 Prime meridian, International Date Line, Equator, North and South Poles, Tropics of Cancer and Capricorn at Arctic and Antarctic Circles</p> <p>1.2 Likhang guhit</p> <p>2. Relatibong lokasyon</p> <p>3. Klima at panahon</p>	<p><i>Ang mag-aaral ay...</i></p> <p>naipamamalas ang mapanuring pag-unawa at kaalaman sa kasanayang pangheograpiya, ang mga teorya sa pinagmulan ng lahing Pilipino upang mapahahalagahan ang konteksto ng lipunan/ pamayanan ng mga sinaunang Pilipino at ang kanilang ambag sa pagbuo ng kasaysayan ng Pilipinas</p>	<p><i>Ang mag-aaral ay...</i></p> <p>naipamamalas ang pagmamalaki sa nabuong kabihasan ng mga sinaunang Pilipinogamit ang kaalaman sa kasanayang pangheograpikal at mahahalagang konteksto ng kasaysayan ng lipunan at bansa kabilang ang mga teorya ng pinagmulan at pagkabuo ng kapuluan ng Pilipinas at ng lahing Pilipino</p>	<p>1. Nailalarawan ang lokasyon ng Pilipinas sa mapa</p> <p>1.1 Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo gamit ang mapa batay sa "absolute location" nito (longitude at latitude)</p> <p>1.2 Natutukoy ang relatibong lokasyon (relative location) ng Pilipinas batay sa karatig bansa na nakapaligid dito gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon</p>	<p>AP5PLP-Ia-1</p>	<p>1. MISOSA 4 Lessons 1,2,3,6,8</p> <p>2. MISOSA 6 Lesson 11- 14</p> <p>3. Pilot School MTB-MLE (Grade 3 –2nd quarter)</p> <p>4. Pilot School MTB-MLE Lesson 1 (Grade 3 – 1st quarter)</p> <p>5. EASE I Module 2</p> <p>6. * Sibika at Kultura 3. 2000. pp.25-27</p> <p>7. * HEKASI para sa mga Batang Pilipino 4. 2000. pp.1-53</p> <p>8. * Pilipinas: Bansa ng Papaunlad 6. 2000. pp.59-68</p> <p>9. PRODED Learning Guide in Heograpiya, Kasaysayan at Sibika. Mga Guhit Latitud 4. 2001. pp. 1-21</p> <p>10. PRODED Learning</p>

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

NILALAMAN <i>(Content)</i>	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN <i>(Content Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGGANAP <i>(Performance Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO <i>(Learning Competencies)</i>	CODE	LEARNING MATERIALS
					<p>Guide in Heograpiya, Kasaysayan at Sibika. Ang Grid 4. 2001. pp.1-21</p> <p>11. * Ang Bayan Kong Mahal 6. 1999. pp. 72-76</p> <p>12. * Pilipino Ako, Pilipinas Ang Bayan Ko 3. 1999. pp. 9-11</p> <p>13. * Pilipinas: Ang Ating Bansa 3. 1999. pp. 3</p> <p>14. * Pagsibol ng Lahing Pilipino, Batayang Aklat 3. 1997. pp. 3, 13-15</p> <p>15. * Ang Bayan Kong Mahal 4. 1999. pp. 13-14, 31-32</p> <p>16. * Pilipinas: Bansang Papaunlad 4. 2000. pp. 55-65</p>
			<p>2. Nailalarawan ang klima ng Pilipinas bilang isang bansang tropikal ayon salokasyon nito sa mundo</p> <p>2.1 Natutukoy ang mga salik na may kinalaman sa klima ng bansa tulad ng temperatura, dami ng ulan, humidity</p> <p>2.2 Naipaliliwanag ang pagkakaiba ng panahon at klima sa iba't ibang bahagi ng mundo</p>	AP5PLP-Ib-c-2	<p>1. MISOSA 4 Lesson 9-11</p> <p>2. Pilot School MTB-MLE Lesson 1 (Grade 3 – 1st quarter)</p> <p>3. EASE I Module 2</p> <p>4. * HEKASI para sa mga Batang Pilipino 4. 2000. pp.57-60</p> <p>5. * Pilipinas: Bansang Papaunlad 6. 2000. pp.69-72</p> <p>6. * Ang Bayan Kong</p>

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

NILALAMAN <i>(Content)</i>	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN <i>(Content Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGGANAP <i>(Performance Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO <i>(Learning Competencies)</i>	CODE	LEARNING MATERIALS
			2.3 Naiugnay ang uri ng klima at panahon ng bansa ayon sa lokasyon nito sa mundo		Mahal 6. 1999. pp. 76-82 7. * Pilipino Ako, Pilipinas Ang Bayan Ko 3. 1999. pp. 31-33 8. * Pilipinas: Ang Ating Bansa 3. 1999. pp. 36-39 9. * Pagsibol ng Lahing Pilipino 3. 1997. pp. 37-43 10. * Ang Bayan Kong Mahal 3. 1998. pp. 43-46 11. * Sibika at Kultura 3. 1997. pp. 36-40 12. * Ang Bayan Kong Mahal 4. 1999. pp. 32-48
			3. Naipaliliwanag ang katangian ng Pilipinas bilang bansang archipelago	AP5PLP-Ic-3	1. EASE I Module 2. 2. * Pilipinas: Bansang Papaunlad 6. 2000. pp.64-68 3. * HEKASI para sa mga Batang Pilipino 4. 2000. pp.53-54 4. PRODED Learning Guide in Sibika at Kultura: Kapuluan 3. 2000. pp.1-10 5. PRODED Learning Guide in Sibika at Kultura. Pulo at Kapuluan, Mahalaga 3. 2000. pp.1-13 6. PRODED Learning

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

NILALAMAN <i>(Content)</i>	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN <i>(Content Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGGANAP <i>(Performance Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO <i>(Learning Competencies)</i>	CODE	LEARNING MATERIALS
					Guide in Sibika at Kultura. Pulo 3. 2000. pp.1-7 7. * Pilipino Ako, Pilipinas Ang Bayan Ko, Batayang Aklat 3. 1999. pp. 2-3 8. * Ang Bayan Kong Mahal 3. 1998. pp. 3
B. Pinagmulan ng Pilipinas at mga Sinaunang Kabihasanan Teorya ng pagkabuo ng Pilipinas			4. Naipaliliwanag ang teorya sa pagkakabuo ng kapuluan at pinagmulan ng Pilipinas batay sa teoryang Bulkanismo at "Continental Shelf"	AP5PLP-Id-4	1. * Pilipinas, Isang Sulyap at Pagyakap I. 2006. pp.7-9 2. * Ang Bayan Kong Mahal 4. 1999. pp. 141-142
			5. Nakabubuo ng pansariling paninindigan sa pinakapanipaniwalang teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino batay sa mga ebidensiya 5.1 Natatalakay ang teorya ng pandarayuhan ng tao mula sa rehiyong Austronesyano 5.2 Natatalakay ang iba pang mga teorya tungkol sa pinagmulan ng mga unang tao sa Pilipinas 5.3 Nakasusulat ng maikling sanaysay (1-3 talata) ukol sa mga teoryang natutunan	AP5PLP-Ie-5	1. MISOSA 4 Lesson 37,43 2. OHSP Module 22 3. EASE I Module 3 4. * Pamana 5. 1999. pp. 3-7 5. * Sibika at Kultura 3. 2000. pp. 104-107 6. * HEKASI para sa mga Batang Pilipino 4. 2000. pp. 196-199 7. * Pilipinas: Bansang Papaunlad 6. 2000. pp.20-22 8. * Pagbabago I.1999. pp. 32-37 9. * Pilipino Ako, Pilipinas Ang Bayan Ko 3. 1999. pp. 77-80 10. * Pilipinas: Bansang

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

NILALAMAN <i>(Content)</i>	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN <i>(Content Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGGANAP <i>(Performance Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO <i>(Learning Competencies)</i>	CODE	LEARNING MATERIALS
<p>C. Mga Sinaunang Lipunang Pilipino</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Organisasyong panlipunan: barangay at sultanato, mga uring panlipunan 2. Kabuhayan at kalakalan, mga kagamitan, konsepto ng pagmamay-ari ng lupa, 3. Kultura: paniniwala, tradisyon, iba't ibang uri at anyo ng sining at arkitektura 4. Kagawiang panlipunan: pag-aaral, panliligaw, kasal, ugnayan sa pamilya 			<ol style="list-style-type: none"> 6. Naipagmamalaki ang lipunan ng sinaunang Pilipino <ol style="list-style-type: none"> 6.1 Natatalakay ang mga uri ng lipunan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas 6.2 Naipaliliwanag ang ugnayan ng mga tao sa iba't ibang antas na bumubuo ng sinaunang lipunan 6.3 Natatalakay ang papel ng batas sa kaayusang panlipunan 7. Nasusuri ang kabuhayan ng sinaunang Pilipino <ol style="list-style-type: none"> 7.1 Natatalakay ang kabuhayan sa sinaunang panahon kaugnay sa kapaligiran, ang mga kagamitan sa iba't ibang kabuhayan, at mga 	<p></p> <p align="center">AP5PLP-If-6</p> <p></p> <p align="center">AP5PLP-Ig-7</p>	<p>Papaunlad 4. 2000. pp. 163-170</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. MISOSA 5 Lesson 1, 4 2. * Pamana 5. 1999. pp.8-37 3. * HEKASI para sa mga Batang Pilipino 4. 2000. pp. 214-216 4. * Pilipinas: Ang Ating Bansa 5. 2000. pp. 2-12, 17-31 5. * Pilipinas: Ang Ating Bansa 5. 2000. pp. 4-9, 17-31 6. * Pilipino Ako, Pilipinas ang Bayan Ko (Patnubay ng Guro) 5. 1999. pp. 1-11, 17-23 7. * Pamana 5. 1999. pp. 8-36 8. * Ang Bayan Kong Mahal 4. 1999. pp. 146-160 9. * Pilipinas: Bansang Malaya 5. 1999. pp. 5-15 <ol style="list-style-type: none"> 1. MISOSA 4 Lesson 3 2. MISOSA 5 Lesson 8 3. EASE I Module 4 4. * Pamana 5. 1999. pp. 8-37 5. * HEKASI para sa mga Batang Pilipino 4. 2000. pp. 214-216

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

NILALAMAN <i>(Content)</i>	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN <i>(Content Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGGANAP <i>(Performance Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO <i>(Learning Competencies)</i>	CODE	LEARNING MATERIALS
			produktong pangkalakalan 7.2 Natatalakay ang kontribusyon ng kabuhayan sa pagbuo ng sinaunang kabihasan		6. * Pilipinas: Ang Ating Bansa 5. 2000. pp. 25-28 7. * Ang Bayan Kong Mahal 5. 2000. pp. 24-35 8. * Pilipino Ako, Pilipinas ang Bayan Ko (Patnubay ng Guro) 5. 1999. pp. 21-22 9. * Pilipinas: Bansang Papaunlad 4. 2000. pp. 180-181 10. * Pilipino Ako, Pilipinas Ang Bayan Ko (Batayang Aklat) 5. 1999. pp. 25-32 11. * Pilipinas: Bansang Malaya 5. 1999. pp. 30-40
			8. Naipaliliwanag ang mga sinaunang paniniwala at tradisyon at ang impluwensiya nito sa pang-araw-araw na buhay	AP5PLP-Ig-8	1. MISOSA 5 Lesson 7 2. * HEKASI para sa mga Batang Pilipino 4. 2000. pp. 214-216 3. * Pamana 5.1999. pp. 8-11 4. * Ang Bayan Kong Mahal 5. 1999. pp. 4-9 5. * Pilipino Ako, Pilipinas Ang Bayan Ko (Batayang Aklat) 5. 1999. pp. 3-8 6. * Ang Bayan Kong Mahal, Batayang

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

NILALAMAN <i>(Content)</i>	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN <i>(Content Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGGANAP <i>(Performance Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO <i>(Learning Competencies)</i>	CODE	LEARNING MATERIALS
					Aklat 3. 1998. pp. 97-100 7. * Pilipinas: Bansang Papaunlad 4. 2000. pp. 174-178
			9. Naihahambing ang mga paniniwala noon at ngayon upang maipaliwanag ang mga nagbago at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan 10.	AP5PLP-Ih-9	MISOSA 5 Lesson 7
			11. Natatalakay ang paglaganap ng relihiyong Islam sa ibang bahagi ng bansa.	AP5PLP-Ii-10	1. MISOSA 5 Lesson 7 2. EASE I Module 4 3. Pamana 5. 1999. pp. 37-40 4. PRODED Learning Guide in Heograpiya, Kasaysayan at Sibika. Ang Paglaganap ng Relihiyong Islam 5. 2003. pp. 1-11 5. * Pilipinas: Ang Ating Bansa 5. 2000. pp. 9-12, 15-16 6. * Pilipino Ako, Pilipinas ang Bayan Ko, Patnubay ng Guro 5. 1999. pp. 12-13 7. * Pilipino Ako, Pilipinas Ang Bayan Ko (Batayang Aklat) 5. 1999. pp. 11-14
			12. Nasusuri ang	AP5PLP-Ii-	1. * Pamana 5.1999.

K to 12 BASIC EDUCATION CURRICULUM

NILALAMAN <i>(Content)</i>	PAMANTAYANG PANGNILALAMAN <i>(Content Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGGANAP <i>(Performance Standard)</i>	PAMANTAYAN SA PAGKATUTO <i>(Learning Competencies)</i>	CODE	LEARNING MATERIALS
			pagkakaipareho at pagkakaiba ng kagawiang panlipunan ng sinaunang Pilipino sa kasalukuyan	11	pp.14-36 2. * Sibika at Kultura 3. 2000. pp. 112-116
			13. Nakakabuo ng konklusyon tungkol sa kontribusyon ng sinaunang kabihasan sa pagkabuo ng lipunang at pagkakakilanlang Piliipino	AP5PLP-Ij-12	* Pilipinas: Bansang Papaunlad 6. 2000. pp.22

5

Araling Panlipunan

Activity Sheets

(Unang Kwartar)

Department of Education

June 2016

ARALING PANLIPUNAN IKA-LIMANG BAITANG

UNANG MARKAHAN

Tiyak na Lokasyon o Absolute Location - Ang pagtukoy ng eksaktong lokasyon ng isang lugar sa pamamagitan ng longitude at latitude o paggamit ng sistemeng grid.

Relatibong Lokasyon o Relative Location - matutukoy sa pamamagitan ng mga nakapaligid na hangganang lupain o mga katubigang nakapaligid dito.

Dalawang Paraan ng Pagtukoy ng Relatibong Lokasyon

Insular - natutukoy ang lokasyon sa pamamagitan ng pag-alam sa mga anyong-tubig na nakapaligid dito.

Bisinal - natutukoy ang kinaroroonan ng isang lugar sa pamamagitan ng pag-alam sa mga bansang katabi o nasa hangganan nito.

Klima - pangmatagalang kalagayan panahon.

Panahon - pabago-bago sa bawat oras.

Salik na Nakakaapekto sa Klima

Temperatura - lebel ng init o lamig sa isang partikular na lugar o sa isang bagay.

Dami ng Ulan - sinusukat ng PAGASA upang malaman ang dami na ibinuhos at upang maging babala sa mga mamamayan.

Humidity - halumigmig, ang Pilipinas ay mahalumigmig sapagkat tayo ay napaliligiran ng mga anyong tubig tulad dagat at karagatan.

Pilipinas Bilang Arkipelago

Pilipinas

- isang kapuluan na binubuo ng 7,107 na mga pulo (halos 7,507 ayon sa NAMRIA dahil sa paglitaw ng mga isla sa kalakhang bahagi ng Mindanao.)
- Strategic ang kinalalagyan ng Pilipinas sapagkat ito ay nasa bukana papasok sa Mainland Asia at malapit sa China.
- Mahirap sakupin ang buong Pilipinas sapagkat hiwa-hiwalay ang mga bahagi ng teritoryo.



Mga Teorya sa Pagkabuo ng Pilipinas

Continental Shelf

Ito ang teorya na nabuo dahil di umano sa pagbabanggaan ng mga plato o plate kung saan nakapatong ang mga lupalop o kontinente. Dahil dito, nabuo ang kapuluan ng Pilipinas.

Bulkanismo

Dahil ang Pilipinas ay nasa Pacific Ring of Fire, walang puknat ang pagsabog ng mga bulkan sa ibat-ibang bahagi nito na siyang pinanggalingan ng kalupaan ng Pilipinas.

Austronesyo

- mga grupo ng tao na pinaniniwalaang nanggaling pa sa timog na bahagi ng China na naglayag sa kalakhang bahagi ng Timog Silangang Asya, Karagatang Pasipiko at Indian.
- Ito ang pinaniniwalaang pinagmulan ng lahing Pilipino ayon sa Teorya ng Core Population ni F. Landa Jocano.
- pinakapinaniniwalaang kaisipan sa kasalukyan bilang ninuno ng kasalukuyang lahing Pilipino.
- ang mga wika sa Pilipinas ay nag-ugat sa Malayo-Polinesyo.

Iba pang Teorya sa Pinagmulan ng Pilipinas

Teorya ng Pandarayuhan o Migration Theory

Ito ang dating teorya na pinaniniwalaang pinanggalingan ng lahing Pilipino. Pinasikat ito ni Otley H. Beyer at ayon sa kanya, ang kasalukuyang lahi ng mga tao sa Pilipinas ay mula sa: Aeta, Indones at Malay. Hindi na ito makatotohanan ayon sa pagsulpot ng labi ng mga tao sa Pilipinas.

Taong Cagayan (Callao Man)

Mayroong grupo ng mga eksperto ang nakahukay sa lalawigan ng Cagayan ng buto ng taong Callao. Ang grupo ay pinangunahan ni Dr. Armand Mijares noong 2007. Pinaniniwalaan na ito ay may 67,000 taong gulang na.

Taong Tabon

- Natuklasan ng grupo nina Dr. Robert Fox sa yungib ng Tabon sa Palawan noong 1962 ang buto ng taong Tabon. Pinaniniwalaang nabuhay mula 22,000-24,000 BC ang Taong Tabon. Unang ipinalagay na ito ang pinakamatandang labi ng tao sa Pilipinas bago nahukay ang Taong Callao.

- Ayon sa pinakabagong pag-aaral, ang mga labi ng manok sa mga isla ng Pasipiko ay nanggaling sa Pilipinas. Patunay na ang mga tao na nanggaling sa Pilipinas ang nagdala ng mga manok sa kalakhang bahagi ng Pasipiko ayon sa DNA sampling.

Sinaunang Lipunang Pilipino

Mga Uring Panlipunan sa Luzon at Visayas

Maginoo

pinakamataas na uri. Sa kanilang uri nanggaling ang mga Datu at Babaylan at Katalonan.

Maharlika

sa kanilang uri nanggagaling ang mga mandirigma na tagapagtanggol ng mga Datu. Sila ang pangalawang uri.

Timawa

sila ang mga malalayang mga tao, walang pagkakautang.

Alipin – pinakamababang uri.

- **Namamahay (Tuhay sa Kabisayaan)** – nakatira sa sariling bahay at tinatawag lamang ng Datu para tumulong sa pagtatayo ng bahay o sa pagsasaka.
- **Saguiguilid (Ayuey sa Kabisayaan)** – may malaking pagkakautang sa Datu. Anumang oras ay maaring tawagin at utusan. Sila din ang nabihag sa mga digmaan.
- **Oripun** – tawag sa alipin sa Kabisayaan.
- **Hayohay (Kabisayaan)** – pinakamababang alipin.

Sinaunang Lipunang Pilipino

Batas

Batas ni Kalantiao

Itinuturing na ngayong isang huwad o inimbento lamang. Ito ay pinatunayan sa dissertation ni William Scot sa University of Sto. Tomas. Hindi daw ito sumasalamin sa sinaunang batas ng mga Pilipino. Kasama dito ang Trial by Ordeal.

Kabuhayan

“Barter” ang sinaunang sistema ng pakikipagkalakan. Ang ilang mga Barangay ay gumamit ng Piloncito na nagsilbing sinaunang pera. Dumarayo sila sa iba pang ga barangay upang makipagpalitan ng kalakal sa kalakal.



Kagawiang Panlipunan

Pag-aaral

- Bothoan ang tawag sa sinaunang paaralan sa Panay.
- **Baybayin at HINDI Alibata ang tamang tawag sa sinaunang sistema ng pagbasa at pagsulat ng mga sinaunang Pilipino. Javanese ang pinagmulan nito at hindi sa wikang Sanskrit katulad ng unang turo sa atin.**

Kasal

Karaniwang sinasabuyan ang bagong magasawa ng bigas para guminhawa ang kanilang buhay.

Panliligaw

Hinaharana ang mga kababaihan, nagsisilbi sa magulang ng nililigawan. Nagbibigay ng DOTE o bigay kaya ang mga kalalakihan bago magpakasal.

Close Family Ties

Sinasabing namana ng mga Pilipino mula sa mga Tsino ang pagkakaroon ng “Close Family Ties” kung saan may pagdadamayan sa bawat miyembro ng pamilya.

Patay

May ibat-ibang sinaunang paglilibing at pamahiin. Karaniwang ginagawa matapos mapatuyo ang laman ng yumao ay inilalagay sa tapayan pagkatapos ay ipinapaanod ito sa dagat.

Paglaganap ng Islam

Tarsila

Isang genealogical na talaan o ulat ng mga pinunong muslim na nagpapakita ng kanilang ugnayan sa propeta Muhamad.

Ayon kina Cesar Adib Majul at Najeeb Saleeby mga eksperto sa Islamic Studies sa Pilipinas, dumating ang Islam sa Pilipinas noong huling bahagi ng 13 siglo. Pinangunahan ito ni Tuan Mashaika

Si **Karim Ul Makdum** ang nagtatag ng sultanato sa Sulu noong 14 na siglo.

ARALING PANLIPUNAN 5 UNANG MARKAHAN


GAWAIN PARA SA UNANG PAMANTAYAN SA PAGKATUTO (AP5PLP-Ia-1)

PAMANTAYAN

1. Nailalarawan ang lokasyon ng Pilipinas sa mapa
 - Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo gamit ang mapa batay sa "absolute location" nito (longitude at latitude)
 - Natutukoy ang relatibong lokasyon (relative location) ng Pilipinas batay sa karatig bansa na nakapaligid dito gamit ang pangunahin at pangalawang direksyon

GAWAIN

- A. Balik-aral. Punan ang direksyon na itinuturo ng *compass rose*. (1 puntos bawat bilang)



- B. Gamit ang iyong mapa ng mundo, tukuyin kung saang bansa papaloob ang mga sumusunod na *absolute locations*. (1 puntos bawat bilang)

1. 40 00' H at 4 00' K
2. 36 00' H at 138 00' S
3. 38 00' H at 97 00'K
4. 13 00' H at 122 00' S

- C. Ibigay ang mga *relative locations* ng mga bansang tinukoy ng mga *absolute locations* sa itaas. (3 puntos bawat bilang)

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.



**GAWAIN PARA SA IKALAWANG PAMANTAYAN SA PAGKATUTO
(AP5PLP-Ib-c-2)**

PAMANTAYAN

2. Nailalarawan ang klima ng Pilipinas bilang isang bansang tropikal ayon sa lokasyon nito sa mundo
 - Natutukoy ang mga salik na may kinalaman sa klima ng bansa tulad ng temperatura, dami ng ulan, humidity
 - Naipaliliwanag ang pagkakaiba ng panahon at klima sa iba't ibang bahagi ng mundo
 - Naiugnay ang uri ng klima at panahon ng bansa ayon sa lokasyon nito sa mundo

GAWAIN

- A. Sagutin ang mga sumusunod.
 1. Ano ang pagkakaiba ng **klima** at **panahon**?
 2. Ano ang pagkakaiba ng tatlong salik na may kinalaman sa klima ng bansa (temperatura, dami ng ulan, at halumigmig)?
 3. Bakit magkaiba ang klima at panahon sa iba't ibang bahagi ng mundo?
- B. Sumulat ng isang liham para sa iyong kaibigan o kamag-anak na nasa ibang bansa at ipaliwanag sa kanya ang klase ng klima sa Pilipinas. Ibahagi sa liham ang iba't ibang nakakaapekto sa klima na tinatamasa ng iyong bansa.



**GAWAIN PARA SA IKATLO, IKAAPAT, AT IKALIMANG
PAMANTAYAN SA PAGKATUTO
(AP5PLP-Ic-3, AP5PLP-Id-4, AP5PLP-Ie-5)**

PAMANTAYAN

3. Naipaliliwanag ang katangian ng Pilipinas bilang bansang archipelago
4. Naipaliliwanag ang teorya sa pagkakabuo ng kapuluan at pinagmulan ng Pilipinas batay sa teoryang Bulkanismo at “Continental Shelf”
5. Nakabubuo ng pansariling paninindigan sa pinakapanipaniwalang teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino batay sa mga ebidensiya
 - Natatalakay ang teorya ng pandarayuhan ng tao mula sa rehiyong Austronesyano
 - Natatalakay ang iba pang mga teorya tungkol sa pinagmulan ng mga unang tao sa Pilipinas
 - Nakasusulat ng maikling sanaysay (1-3 talata) ukol sa mga teoryang natutunan

GAWAIN

- A. Bumuo ng limang pangkat sa klase. Magsaliksik tungkol sa paksang itinakda sa inyong pangkat. I-ulat sa pamamagitan ng malikhaing pamamaraan ang inyong nasaliksik tungkol sa paksa. Humingi ng tulong sa guro kung kinakailangan.

Pangkat 1 – Ang Pilipinas bilang isang bansang archipelago (Unang Tagapag-ulat)

Pangkat 2 – Continental Shelf (pagkabuo ng kapuluan at pinagmulan ng Pilipinas)

Pangkat 3 – Teoryang Bulkanismo (pagkabuo ng kapuluan at pinagmulan ng Pilipinas)

Pangkat 4 – Taong Tabon at Taong Callao (pinagmulan ng lahing Pilipino)

Pangkat 5 – Teorya ng Pandarayuhan ng mga Austronesyano (pinagmulan ng lahing Pilipino)

- B. Pagkatapos ng mga pag-uulat, sumulat ng maikling sanaysay na tutugon sa sumusunod na mga katanungan.

1. Batay sa mga iniulat ng Pangkat 1, bakit sinasabing archipelago ang bansang Pilipinas?
2. Batay sa mga iniulat ng Pangkat 2 at 3, alin sa mga teorya ng pagkabuo ng kapuluan ng Pilipinas ang iyong pinaniniwalaan? Bakit?
3. Batay sa mga iniulat ng Pangkat 4 at 5, alin sa mga teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino ang iyong pinaniniwalaan? Bakit?




GAWAIN PARA SA IKAANIM NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO (AP5PLP-If-6)

PAMANTAYAN

6. Naipagmamalaki ang lipunan ng sinaunang Pilipino
- Natatalakay ang mga uri ng lipunan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas
 - Naipaliliwanag ang ugnayan ng mga tao sa iba't ibang antas na bumubuo ng sinaunang lipunan
 - Natatalakay ang papel ng batas sa kaayusang panlipunan

GAWAIN

- A. Pagmasdan ang larawan ng balangay at isulat sa paligid nito ang kaugnayan nito sa Sinaunang Lipunang Filipino.



ARA, Balangay | Incentive plate 12/26/2013 <http://halboor.com/balangay>

B. Piliin sa kahon ang tinutukoy ng bawat bilang.

Datu	Agorang	Sultan	Ruma Bichara
Pandita	Namamahay/Tuhay	Maharlika	Timawa
Maginoo	Saguiguilid/Ayuey	Alipin/Oripun	Hayohay

1. Pinakamataas na uring panlipunan. Sa kanilang uri nanggaling ang mga Datu at Babaylan at Katalonan.
 2. Lupong tagapayo na katuwang ng sultan sa pangangasiwa at pagbuo ng mga batas.
 3. Tumutulong sa sultan sa pagpapalaganap ng Islam.
 4. Uring panlipunan na sinasabing mga malalayang mga tao dahil wala silang pagkakautang.
 5. Pinuno ng barangay.
 6. Sa kanilang uri nanggagaling ang mga mandirigma na tagapagtanggol ng mga Datu. Sila ang pangalawang uri.
 7. Alipin na may malaking pagkakautang sa Datu. Anumang oras ay maaring tawagin at utusan. Sila din ang nabihag sa mga digmaan.
 8. Alipin na nakatira sa sariling bahay at tinatawag lamang ng Datu para tumulong sa pagtatayo ng bahay o sa pagsasaka.
 9. Matatanda at marurunong na tagapagpayo ng datu.
 10. Ang pinakamababang uring panlipunan.
- C. Gamit ang mga salita sa kahon sa Gawain B, pagugnayin ang mga tao sa iba't ibang antas ng sinaunang lipunan.
- D. Sa loob ng limang pangungusap, ipaliwanag kung bakit mahalaga ang pagkakaroon ng batas sa isang lipunan.



**GAWAIN PARA SA IKAPITO, IKAWALO, IKASIYAM,
at IKALABINGISANG PAMANTAYAN SA PAGKATUTO
(AP5PLP-Ig-7, AP5PLP-Ig-8, AP5PLP-Ih-9, AP5PLP-Ii-11)**

PAMANTAYAN

7. Nasusuri ang kabuhayan ng sinaunang Pilipino
 - Natatalakay ang kabuhayan sa sinaunang panahon kaugnay sa kapaligiran, ang mga kagamitan sa iba't ibang kabuhayan, at mga produktong pangkalakalan
 - Natatalakay ang kontribusyon ng kabuhayan sa pagbuo ng sinaunang kabihasan
8. Naipaliliwanag ang mga sinaunang paniniwala at tradisyon at ang impluwensiya nito sa pang-araw-araw na buhay
9. Naihahambing ang mga paniniwala noon at ngayon upang maipaliwanag ang mga nagbago at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan
10. Nasusuri ang pagkakaipareho at pagkakaiba ng kagawiang panlipunan ng sinaunang Pilipino sa kasalukuyan

GAWAIN

- A. Punan ang tsart ng mga litrato na sumasalamin sa kabuhayan, kalakalan, kagamitan, paniniwala, at tradisyon ng mga Pilipino noon (sinaunang lipunang Pilipino) at ngayon (kasalukuyang lipunan). Sagutin ang mga tanong sa dulo ng tsart.

TSART NG LIPUNANG PILIPINO NOON AT NGAYON		
	Noon (Sinaunang Lipunang Pilipino)	Ngayon (Kasalukuyang Panahon)
Kabuhayan		
Kalakalan		



TSART NG LIPUNANG PILIPINO NOON AT NGAYON		
	Noon (Sinaunang Lipunang Pilipino)	Ngayon (Kasalukuyang Panahon)
Kagamitan		
Paniniwala		
Tradisyon		

- Ano-ano ang kahalagahan ng mga larawan sa araw araw na buhay ng mga Pilipino ng sinaunang lipunan?
- Ano-ano ang impluwensya ng mga ito at sa pagbuo ng sinaunang lipunan at kasalukuyang lipunan?

B. Pagsasadula. Hatiin sa apat ang klase. Isadula ang kagawiang panlipunan noon (sinaunang lipunang pilipino) na nakatakda sa iyong pangkat at ang mga sitwasyong “Paano kung...?”.

Pangkat	Kagawian Noon (Unang presentasyon)	Paano Kung... (Ikalawang presentasyon)
1	Pag-aaral	...hindi nakapag-aral ang mga ninuno?
2	Panliligaw	...ibabalik ang paraang panliligaw?
3	Kasal	...malaya ang lahat ng kasarian na magpakasal?
4	Ugnayan sa Pamilya	...itigil ang ugnayan sa pamilya?



**GAWAIN PARA SA IKASAMPUNG PAMANTAYAN SA PAGKATUTO
(AP5PLP-Ii-10)**

PAMANTAYAN

10. Natatalakay ang paglaganap ng relihiyong Islam sa ibang bahagi ng bansa.

GAWAIN

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Anong relihiyon sa Pilipinas ang maiuugnay mo sa larawan? Isulat sa patlang ang iyong sagot at gumawa ng timeline ng pinagmulan ng Relihiyon na iyong sagot.



ANG PINAGMULAN NG RELIHIYONG _____

A large, empty rounded rectangular box with a blue border, intended for the student to write their answer and create a timeline.

**GAWAIN PARA SA IKALABING DALAWANG
PAMANTAYAN SA PAGKATUTO
(AP5PLP-Ii-10)**

PAMANTAYAN

12. Nakakabuo ng konklusyon tungkol sa kontribusyon ng sinaunang kabihasnan sa pagkabuo ng lipunang at pagkakakilanlang Pilipino.

GAWAIN

- A. Gumawa ng talaan ukol sa kontribusyon ng sinaunang kabihasnan.
- B. Pumili ng isang natatanging kontribusyon at ilahad sa isang talata kung paano ito pagyayamanin.





**Pamantayan sa Pagkatuto sa Araling Panlipunan
(Sub-Tasked)**

Unang Markahan

Unang Linggo

Unang Araw

- Napaghahambing ang pagkakaiba iba ng mga imaginary lines sa mapa at globo.
- Namamanipula ang mapa at globosa pamamagitan ng pagturo ng iba't ibang imaginary lines sa mapa at globo.
- Nakikilahok ng masigla sa mga kamag-aral habang ginagawa ang gawain.

Ikalawang Araw

- Nabibigyang kahulugan ang Relative Location.
- Natutukoy ang lokasyon ng Pilipinas sa mapa o globo gamit ang Relative Location.
- Naibabahagi ang kaalaman sa kamag-aral.

Ikatlong Araw

- Naibibigay ang kahulugan ng Absolute Location.
- Natutukoy ang lokasyon ng Pilipinas sa mapa o globo gamit ang Absolute Location.
- Naibabahagi ang kaalaman sa kamag-aral.

Ikaapat na Araw

- Nasasabi ang pagkakaiba ng Absolute Location at Relative Location.
- Natutukoy sa mapa o globo ang absolute at relative location ng mga bansang sumakop sa Pilipinas.
- Nakikipagtalastasan sa kamag-aral ng mahinahon at may respeto.

Ikalimang Araw

- Natutukoy ang relatibong lokasyon ng Pilipinas batay sa karatig bansa na nakapaligid sa bansa.
- Naituturo sa mapa o globo ang mga bansa at tubig na nakapaligid sa bansa.
- Nakikipagtalastasan sa kamag-aral ng mahinahon at may respeto.



Ikalawang Linggo

Unang Araw

- Nasasabi ang temperatura ng bansa.
- Nailalarawan ang mga salik na may kinalaman sa temperatura ng bansa.
- Naitala ang mga datos tungkol sa mga salik na may kinalaman sa temperatura ng bansa.

Ikalawang Araw

- Nasasabi ang salik na may kinalaman sa dami ng ulan ng bansa.
- Naitatala ang dami ng ulan sa bansa.
- Nakikilahok ng masigla sa mga kamag-aral habang ginagawa ang gawain.

Ikatlong Araw

- Nasasabi ang humidity/halumigmig ng bansa.
- Nailalarawan ng humidity ng bansa.
- Naihahambing ang humidity ng iba't ibang lugar sa Pilipinas gamit ang Venn Diagram.

Ikaapat na Araw

- Naipaliliwanag ang pagkakaiba ng panahon at klima sa iba't ibang bahagi ng mundo.
- Nailalarawan ang dahilan ng pagkakaiba ng panahon at klima sa iba't ibang bahagi ng mundo.
- Naihahambing ang panahon at klima sa iba't ibang bahagi ng mundo gamit ang mapa o globo.

Ikalimang Araw

- Natatalakay ang uri ng klima at panahon ng bansa gamit ang mapa at globo.
- Napapahalagahan ang paggamit ng mapa at globo.
- Naiiugnay ang uri ng klima at panahon ng bansa ayon sa lokasyon nito sa mundo.



Ikatlong Linggo

Unang Araw

- Nabigyan ng tamang kahulugan ang salitang archipelago.
- Naiguguhit ng mga mag-aaral ang mga pulo na bumubuo sa bansang archipelago.
- Iginagalang ang bawat opinyon ng mga bata sa kanilang mga ginawa at matanggap ang kanilang opinyon sa pag buo ng archipelago.

Ikalawang Araw

- Natutukoy ang tatlong malalaking kapuluan at mga maliliit na pulo na bumubuo sa archipelago ng Pilipinas.
- Nagamit ang mapa ng Pilipinas at naituro sa mapa ang mga malalaki at maliliit na pulo na bumubuo sa kapuluan.
- Napapahalagahan ang mga pulo at kapuluan na bumubuo sa archipelago.

Ikatlong Araw

- Nailalarawan ang mga anyong-tubig at anyong lupa na napapaloob sa kapuluan ng Pilipinas.
- Nakagawa ng mapa na naglalarawan / naiguhit ang mga anyong-tubig at anyong lupa na napapaloob sa kapuluang Pilipinas.
- Nakapagbigay ng sariling pananaw sa mga ginawa ng mga bata sa paglalarawan ng mga anyong-tubig at anyong-lupa.

Ikaapat na Araw

- Naipapaliwanag ang kahalagahan ng mga likas na yaman ng Pilipinas.
- Naililista ang mga likas na yaman sa pangkat ng kinabibilangan nito.
- Nakapagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa kahalagahan ng yaman ng isang bansa sa kanyang pag-unlad ng kabuhayan.

Ikalimang Araw

- Nasasabi ang mabuting dulot ng pagiging kapuluan ng Pilipinas sa kanyang kasaysayan, ekonomiya, kultura, at pakikipag-ugnay sa mga karatig pulo o bansa.
- Nakagagawa ng presentasyon sa konseptong mabuting dulot ng pagiging kapuluan ng Pilipinas.
- Nakapagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa maging epekto sa kabuhayan at pamumuhay ng mga Pilipino na katangian nitong kapuluan.



Ikaapat na Linggo

Unang Araw

- Natatalakay ang mga mahalaga/pangunahing konsepto ng teoryang bulkanismo.
- Naiguguhit ang proseso sa pagbuo ng kapuluan ng kapuluan ng Pilipinas ayon sa teoryang bulkanismo.
- Nakapagbibigay ng sariling opinyon/hinuha tungkol sa teoryang bulkanismo sa pagkabuo ng bansang Pilipinas.

Ikalawang Araw

- Natatalakaybang mahahalagang konsepto ng continental shelf theory.
- Naiguguhit ang proseso sa pagkabuo ng kapuluan ng Pilipinas ayon sa continental shelf.
- Nakapagbibigay ng sariling opinyon/hinuha tungkol sa teoryang continental shelf sa pagkabuo ng kapuluan ng Pilipinas.

Ikatlong Araw

- Naisa-isa at natutunton sa mapa ang mga bulkang matatagpuan sa bansa sa hanay ng pacific ring of fire.
- Nakapagsusulat ng opinyon tungkol sa pagkabuo ng kapuluan ng Pilipinas base sa Teorya ng Bulkanismo.
- Nabibigyang halaga ang mga mahahalagang konsepto sa pagkabuo ng Pilipinas bilang kapuluan sa pamamagitan ng iba't ibang output.

Ikaapat na Araw

- Naihahambing ang alamat tungkol sa pagkakabuo ng kapuluan ng Pilipinas na napag-aralan sa Grade 4 o sa dalawang teoryang nabanggit.
- Nasasaliksik ang talambuhay ng mga *proponent/advocate* ng dalawang teorya.
- Nabibigyang halaga ang pinagmulan ng bansang Pilipinas na isa sa mahalagang salik sa pagkakabuo ng bansa bilang isang nasyon at estado.

Ikalimang Araw

- Nabubuod ang mahalagang konsepto ng dalaang teorya.
- Nakapagsusulat ng maikling sanaysay tungkol sa pagkabuo ng kapuluan batay sa dalawang teorya napag-aralan.
- Nakapagbibigay ng sariling hinuha tungkol sa pagkabuo ng kapuluan ng Pilipinas batay sa dalawang teoryang nabanggit.



Ikaanim na Linggo

Unang Araw

- Naiisa-isa ang pinakapanipaniwalang teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino batay sa ebidensiya.
- Nakakapagsaliksik ng mga tamang impormasyon tungkol sa teoryang pinagmulan ng lahing Pilipino.
- Nabibigay ang sariling pananaw/paninindigan ukol sa teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino batay sa ebidensiya.

Ikalawang Araw

- Naipapaliwanag ang teorya ng pinaguilan ng lahing Pilipino batay sa ebidensiya.
- Naipapakita sa malikhaing paraan ang mga natuutnan tungkol sa iba't ibang teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino.
- Naibibigay ang kahalagahan ng pag-aaral sa mga teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino.

Ikatlong Araw

- Naipapaliwanag ang teorya ng pandarayuhan ng tao mula sa rehiyong Austronesyano.
- Nakagagawa ng maikling tula tungkol sa pandarayuhan.
- Naipapakita ang pagpapahalaga sa pandarayuhan.

Ikaapat na Araw

- Natutukoy at naipapaliwanag ang iba pang mga teorya tungkol sa pinagmulan ng mga unang tao sa Pilipinas. (Hal. Core Population Theory/Migration Theory).
- Nakakagawa ng maikling sanaysay tungkol sa napiling teorya.
- Naibibigay ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga teorya tungkol sa pinagmulan ng mga unang tao sa Pilipinas.

Ikalimang Araw

- Nakabubuo ng konklusyon tungkol sa natutunang mga teorya.
- Nakasusulat ng maikling sanaysay (1-3 talata) ukol sa mga teoryang natutunan.
- Naibabahagi ang kahalagahan ng mga natutunang teorya.



Ikapitong Linggo

Unang Araw

- Naiisa-isa ang kabuhayan at ang mga kagamitang ginamit sa sinaunang panahon.
- Naipagmamalaki ang pagiging masigasig at malikhain ng mga Pilipino sa sinaunang panahon.
- Naitatala sa graphic organizer ang mga datos tingkol sa kabuhayan at mga kagamitang ginamit sa sinaunang panahon.

Ikalawang Araw

- Naiuugnay ang kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino sa kanilang kapaligiran.
- Napapahalagahan ang pakinabang sa kapaligiran.
- Nakapag-role play kung paano ginamit ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang kapaligiran upang mabuhay.

Ikatlong Araw

- Naiisa-isa ang iba't ibang kabuhayan at mga produktong pangkalakalan sa sinaunang panahon.
- Napapahalagahan ang ang iba't ibang kabuhayan at mga produktong pangkalakalan sa sinaunang panahon.
- Nakagagawa ng poster na nagpapakita ng iba't ibang kabuhayan at mga produktong pangkalakalan sa sinaunang panahon.

Ikaapat na Araw

- Natatalakay ang konsepto ng pagmamay-ari ng lupa sa sinaunang panahon.
- Napapahalagahan ang konsepto ng pagmamay-ari ng lupa sa sinaunang panahon.
- Naitatala sa concept map ang konsepto ng pagmamay-ari ng lupa.

Ikalimang Araw

- Natatalakay ang kontribusyon ng kabuhayan sa pagbuo ng sinaunang kabihasan.
- Napapahalagahan ang kontribusyon ng kabuhayan sa pagbuo ng sinaunang kabihasan.
- Nakagagawa ng tula sa kontribusyon ng kabuhayan sa pagbuo ng sinaunang kabihasan.



Ikawalong Linggo

Unang Araw

- Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang sinaunang paniniwala at tradisyon.
- Nakapagbibigay halimbawa ng mga sinaunang paniniwala at tradisyon ng mga sinaunang Pilipino.
- Nagugunita ng may pagpapahalaga ang mga sinaunang paniniwala at tradisyon.

Ikalawang Araw

- Nasasabi ang kaibhan o pagkakatulad ng mga sinaunang paniniwala at tradisyon ng mga Pilipino.
- Nakabubuo ng Venn Diagram na ngpapahayag.
- Napapahalagahan ang mga sinaunang paniniwala at tradisyon.

Ikatlong Araw

- Nasasabi ang mga impluwensiya ng mga sinaunang paniniwala at tradisyon sa pang araw-araw.
- Nakapagbibigay-halimbawa ng mga impluwensiya ng mga sinaunang paniniwala at tradisyon sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.
- Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa mga impluwensiya na nagdulot ng sinaunang paniniwala at tradisyon ng mga ninuno.

Ikaapat na Araw

- Nasasabi ang mga epekto ng impluwensiya ng mga sinaunang paniniwala at tradisyon sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino sa kasalukuyan.
- Nasusuri ang mga epekto ng impluwensiya ng mga sinaunang paniniwala at tradisyon sa pang araw-araw na buhay ng mga Pilipino sa kasalukuyan.
- Naiguguhit ng may pagpapahalaga ang mga sinaunang paniniwala at tradisyon sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino sa kasalukuyan.

Ikalimang Araw

- Nasasagot ang mga tanong sa pagsasanay ukol sa mga sinaunang paniniwala at tradisyon sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino sa kasalukuyan.
- Naisusulat ang mga kasagutan nang malinis sa sagutang papel.
- Naipapakita ang pagiging matapat sa pagsasagot ng pasulit.



Ikasiyam na Linggo

Unang Araw

- Naiisa-isa ang mga paniniwala noon ng lahing Pilipino.
- Nakapag role-play tungkol sa mga paniniwala noon.
- Napapahalagahan ang mga paniniwala noon ng lahing Pilipino.

Ikalawang Araw

- Naiisa-isa ang mga paniniwala ngayong lahing Pilipino.
- Nakapagpakita ng isang maikling drama tungkol sa mga paniniwala ngayon ng lahing Pilipino.
- Napapahalagahan ang mga paniniwala ngayon ng lahing Pilipino.

Ikatlong Araw

- Nasasabi ang kaibahan ng paniniwala noon at ngayon.
- Napangangatwiran ang pagsasabi ng kaibahan ng paniniwala noon at ngayon.
- Nakapagbibigay ng reaksiyon tungkol sa mga paniniwala ng lahing Pilipino.

Ikaapat na Araw

- Natutukoy ang mga nagbago at nagpapatuloy na paniniwala noon at ngayon.
- Naisasadula ang pagbabago ng paniniwala ng lahing Pilipino.
- Naipagmamalaki ang mabuting ambag ng ating paniniwala sa pag-unlad ng bansa.

Ikalimang Araw

- Nakabubuo ng konklusyon tungkol sa paniniwala ng lahing Pilipino noon at ngayon.
- Nakagagawa ng isang maikling tula ukol sa paniniwala ng lahing Pilipino.
- Naipapahayag ang sariling damdamin ukol sa paniniwala ng lahing Pilipino.

Ikasampung Linggo

Unang Araw

- Nailalarawan ang katangian ng relihiyong Islam.
- Naisasadula ang ilang katangian ng relihiyong Islam.
- Naibibigay ang kahalagahan ng relihiyong Islam para sa mga Muslim.

Ikalawang Araw

- Nailalarawan ang katangian ng relihiyong Islam.
- Naisasadula ang ilang katangian ng relihiyong Islam.
- Naipagmamalaki ang katapatang ipinakita ng ating mga kapatid na muslim sa kanilang relihiyon.

Ikatlong Araw

- Nahihinuha kung paano lumaganap sa ibang bahagi ng bansa ang relihiyong Islam.
- Natatalunton sa mapa ang ilang bahagi ng Pilipinas kung saan lumaganap ang relihiyong Islam.
- Napapahalagahan ang paglaganap ng relihiyong Islam sa ibang bahagi ng Pilipinas.

Ikaapat na Araw

- Nakabubuo ng konklusyon tungkol sa paglaganap ng relihiyong Islam sa ibang bahagi ng Pilipinas.
- Nakalalahok nang may kasiyahan sa gawain ng pangkat.
- Naipagmamalaki ang sariling relihiyon Islam man o Kristiyano.

Ikalimang Araw

- Nakabubuo ng konklusyon tungkol sa paglaganap ng relihiyong Islam sa ibang bahagi ng bansa.
- Nakagagawa ng isang maikling talata tungkol sa paglaganap ng relihiyong Islam sa ibang bahagi ng bansa.
- Nakalalahok nang kusang-loob sa gawain ng pangkat.

